REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-92

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA DIREKTOR NG KAWANIHAN NG MGA LUPAIN NA MAGSAGAWA NG KAUKULANG "RESURVEY" SA HANGGANANG PAGITAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA AT BAYAN NG PARAÑAQUE BASE SA MGA DOKUMENTONG KALAKIP NA NAGSASAAD NG SALUNGATAN AT DI-TIYAK NA HANGGANAN NG NASABING DALAWANG BAYAN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng tamang hangganan sa lupang sakop ng dalawang nabanggit na bayan na naaayon sa talaan ng Kawanihan ng mga Lupain ay nararapat lamang upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan at masingil ang kaukulang buwis para sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ayos sa nakasaad sa mga dokumento na kalakip ng kapsiyahan na ito ay kinakailangang magkaroon ng muling pagsusukat at pagsusuri ng lupang sakop ng Bayan ng Muntinlupa at Bayan ng Parañaque dahil hindi tiyak at may salungatan ang hangganan ng dalawang bayan;

SAPAGKAT, malaking kawalan para sa isang nauukol na bayan kung ang karampatang buwis na masisingil sa mga nakatayong bahay-kalakal at tirahan ay mapupunta lamang doon sa walang kapangyarihan at karapatang bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na hilingin sa Direktor ng Kawanihan ng mga Lupain na magsagawa ng kaukulang "re-survey" sa hangganang pagitan ng Bayan ng Muntinlupa at Bayan ng Parañaque base sa mga dokumentong kalakip na nagsasaad ng salungatan at di-tiyak na hangganan ng nasabing dalawang bayan.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Marso, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal